PROTECT CHICAGO

5 BAGAY NA DAPAT MALAMAN tungkol sa MGA COVID-19 VACCINE



1 PAGPAPABAKUNA ANG PINAKAMAHUSAY NA PROTEKSYON LABAN SA COVID-19.

Lubos na epektibo ang mga bakuna sa COVID-19 sa pagpigil sa malubhang pagkakasakit, pagkakaospital, at pagkamatay. Pagpapabakuna ang pinakamahusay na paraan para protektahan ang iyong sarili, pamilya, at komunidad. Kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19, dapat ka pa ring tumanggap ng bakuna sa COVID-19.

2 PUWEDENG MAGPABAKUNA LABAN SA COVID-19 ANG SINUMANG 5 TAONG GULANG PATAAS.

Inirerekomenda ang mga bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng nasa edad 5 taon pataas, lalo na para sa mga nakatatanda, indibidwal na may mga umiiral nang kondisyon, at pati mga taong buntis o maaaring mabuntis sa hinaharap. Bagama't mas kaunti ang mga kaso ng COVID-19 at pagkakaospital sa mga bata, posibleng magkasakit mula sa COVID-19 ang mga bata at maikalat nila ang virus sa iba.

3 LIGTAS ANG MGA BAKUNA SA COVID-19.

Milyon-milyong tao na sa Estados Unidos ang nakatanggap ng mga bakuna sa COVID-19 sa ilalim ng pinakamahigpit na pagsubaybay sa kaligtasan sa kasaysayan ng U.S., kabilang ang mga pag-aaral sa libo-libong batang 5 taong gulang pataas. Hindi posibleng makakuha ng COVID-19 mula sa anumang bakuna sa COVID-19. Maaaring makaranas ka ng mga side effect pagkatapos magpabakuna laban sa COVID-19, pero mawawala rin ang mga ito pagkalipas ng ilang araw. Wala pang natutukoy na pangmatagalang side effect. Walang ebidensyang nakakaapekto ang mga bakuna sa COVID-19 sa puberty o pagkakabuo ng reproductive system sa anumang paraan.

4 MAHALAGANG MATANGGAP ANG LAHAT NG INIREREKOMENDANG DOSIS NG BAKUNA.

Kailangan ng dalawang dosis para sa bakuna ng Pfizer at ng Moderna para sa karamihan ng tao, at napakahalagang matanggap mo ang lahat ng dosis na inirerekomenda para sa iyo. Bagama't makakakuha ka ng proteksyon mula sa isang dosis, kailangan ang DALAWANG dosis para makuha mo ang pinakamatibay na proteksyon laban sa COVID-19 at mga variant nito. Para sa ilang tao, maaaring magrekomenda ng karagdagang dosis o booster na dosis.

5 MALAWAKANG AVAILABLE AT IBINIBIGAY NANG WALANG BAYAD ANG MGA BAKUNA SA COVID-19.

Malawakang available ang mga bakuna sa COVID-19 sa buong Chicago, sa mga tanggapan ng doktor, ospital, botika, community health center, at espesyal na kaganapan. Puwede ka pa ngang magpabakuna sa bahay. Ibinibigay ang lahat ng bakuna sa COVID-19 nang wala kang kailangang bayaran. Hindi kailangan ng anumang ID mula sa gobyerno o insurance.

CDPH
Chicago Department of Public Health

11/7/2021

BUMISITA SA CHI.GOV/COVIDVAX O TUMAWAG SA 312-746-4835 PARA HANAPIN ANG IYONG BAKUNA.